# Balita mula sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan

タガログ語

**Bilang 3**

Inilathala Marso 8, 2019



**Naaprubahan sa pagsang-ayon ng lahat ng miyembro ng Konseho ng Lungsod noong Disyembre ng nakaraang taon na pagsamahin ang Soho Elementary School at Karatake Elementary School, at itatag sa Abril 2021 ang "Futamuradai Elementary School."**

Isinagawa noong Pebrero ang ika-3 pagpupulong ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake. Sa bilang 3 na ito, ihahatid sa inyo ang kalasukuyang kalagayan dahil naaprubahan sa Konseho ng Lungsod ang pagtatatag ng Futamuradai Elementary School at nagsimula ang iba't ibang kongkretong pag-aaral.

## ◇ Ukol sa Kalagayan ng mga Pinag-aaralan tungo sa Pag-iisa

Ang sumusunod ang pangunahing nilalaman ng kasalukuyang pinag-aaralan at napagpasyahang mga bagay-bagay.

### ～Simbolo ng Paaralan～

Pinag-iisipang matapos ng paanyaya para sa draft mula sa maraming tao, pagpapasyahan habang nakikipagtulungan sa mga mag-aaral ng dalawang paaralan.

### ～Awit ng Paaralan～

Isinusulong ang paghahanda upang makanta ng mga bata sa unang pagdiriwang ng pagtatapos kapag nabuksan ang Futamura Elementary School.

### ～Programa para sa paghahalubilo～

Gagawin nang magkasama ang panlabas na aktibidad at klase ng paglalangoy sa SY 2019 kung kailan magsisimula ang paghahalubilo. Isasagawa rin habang pinag-aaralan ang iba pang paghahalubilo.

### ～Pamamaraan ng Pagpasok sa Paaralan～

Isinusulong ang pag-aaral sa pakikipag-tulungan sa PTA at Karatake Elementary School na magbabago ang daan sa pagpasok sa paaralan, upang panatag ang loob at ligtas na makapasok ang mga bata.

## ◇ Ukol sa Renobasyon ng Gusali ng Paaralan



Sa kasalukuyan, pinag-aaralan kasama ng paaralan, Lupon ng Edukasyon at arkitekto ang tungkol sa "Pag-aayos ng mga silid-aralan, bukod-tanging silid-aralan atbp," "Paglagay ng kasangkapang ICT," "Paraang pinakamaliit ang epekto ng konstruksyon sa mga bata" atbp. habang sinasanggunian ang panukala ng pangunahing nilalaman ng pag-aayos ng gusali ng paaralan na napagpasyahan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Futamuradai, Lungsod ng Toyoake.

Ihahatid sa inyong lahat ang mga napag-aralan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, sa ganitong paraan. Mangyari lamang na magtanong sa dibisyon ng edukasyon sa paaralan sa Toyoake City Hall kung mayroong hindi maintindihang bagay.

**Para sa mga Katanungan　Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall　TEL 0562-92-8316**